22050226

IB DIPLOMA PROGRAMME
PROGRAMME DU DIPLÔME DU BI
PROGRAMA DEL DIPLOMA DEL BI

**PILIPINO A1 – HIGHER LEVEL – PAPER 2**
**PILIPINO A1 – NIVEAU SUPÉRIEUR – ÉPREUVE 2**
**FILIPINO A1 – NIVEL SUPERIOR – PRUEBA 2**

Friday 6 May 2005 (morning)
Vendredi 6 mai 2005 (matin)
Viernes 6 de mayo de 2005 (mañana)

2 hours / 2 heures / 2 horas

---

INSTRUCTIONS TO CANDIDATES

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Answer one essay question only. You must base your answer on at least two of the Part 3 works you have studied. You may include in your answer a discussion of a Part 2 work of the same genre if relevant. Answers which are not based on a discussion of at least two Part 3 works will not score high marks.

INSTRUCTIONS DESTINÉES AUX CANDIDATS

- N'ouvrez pas cette épreuve avant d'y être autorisé(e).
- Traitez un seul sujet de composition. Vous devez baser votre réponse sur au moins deux des œuvres de la 3e partie que vous avez étudiées. Le cas échéant, vous pouvez inclure dans votre réponse une discussion sur une œuvre du même genre littéraire étudiée dans la 2e partie du programme. Les réponses qui ne sont pas basées sur au moins deux des œuvres de la 3e partie n'obtiendront pas une note élevée.

INSTRUCCIONES PARA LOS ALUMNOS

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- Elija un tema de redacción. Su respuesta deberá basarse en al menos dos de las obras estudiadas en la Parte 3. Se podrán hacer comentarios sobre una obra de la Parte 2 del mismo género, si fuera necesario. Las respuestas que no incluyan una discusión sobre al menos dos obras de la Parte 3 no recibirán notas altas.

*Sumulat ng sanaysay tungkol sa **isa** sa mga sumusunod na tanong. Dapat ibatay ang iyong sagot sa dalawa o higit pang akdang binasa sa Ikatlong Bahagi ng mga pinag-aralang panitikan. Maaaring isama sa iyong sagot ang pagtalakay ng isang akdang nasa Ikalawang Bahagi, kung ito ay katulad sa anyo at kung may kaugnayan. Ang mga sagot na **hindi** ibinatay sa hindi kukulangin sa dalawang akdang nasa Ikatlong Bahagi ay **hindi** mabibigyan ng mataas na marka.*

**Nobela**

**1.** *Maaaring ito:*

(a) Batay sa dalawa o higit pang nobelang iyong nabasa, paghambingin ang mga paraan ng presentasyon ng banggaan ng makabago at tradisyunal na pag-iisip at/o pagpapahalaga at ang mga suliraning dulot nito sa mga tauhan.

*o ito:*

(b) Ang nobela ay maituturing na paglalakbay ng pangunahing tauhan mula sa kakulangan ng kaalaman tungo sa kamulatan. Batay sa dalawa o higit pang nobelang iyong napag-aralan, gaano katotoo ang pahayag na ito?

**Maikling Kwento**

**2.** *Maaaring ito:*

(a) Ang aksyon sa maikling kwento ay di laging inilalahad sa mga pangyayari at kilos ng mga tauhan kundi maaari ring maganap sa kaisipan ng isang karakter. Magtalakay ng dalawa o higit pang akdang sa iyong palagay ay mga mahusay na halimbawa ng ganitong pamamaraan ng pagkukwento.

*o ito:*

(b) Batay sa dalawa o higit pang napag-aralang akda, talakayin kung paano nakakatulong ang tagpo (panahon, atmospera, paligid, lugar, oras) sa pagpapatingkad ng karakter at pagpapaunlad ng pangunahing tema ng isang kwento.

**Dula**

**3.** *Maaaring ito:*

(a) Suriin ang mga mithiin ng mga pangunahing tauhan sa kahit man lamang dalawang dulang iyong napag-aralan. Anu-ano at nagmumula kanino ang mga balakid o sagabal sa kanilang mithiin? Paghambingin kung paano nila nalagpasan ang mga ito.

*o ito:*

(b) Hanggang saan mo masasabing ang kahit man lang dalawang dulang iyong napag-aralan ay kapanipaniwalang naganap sa tunay na buhay at paano nakapagpaigting sa realismo ang mga ito?

**Tula**

**4.** *Maaaring ito:*

(a) Ang kahulugan ng tula ay hindi lamang matatagpuan sa lantad na sinasabi nito kundi sa kung saan tahimik ito o kung ano ang hindi nito sinasabi. Talakayin kung gaano katotoo ito batay sa dalawa o higit pang mga akdang iyong napag-aralan.

*o ito:*

(b) Ayon sa isang tanyag ng makata-kritikong Filipino, matutunghayan sa mga tula(ng Pilipino) ang iba't ibang anino at puwersang humubog at patuloy na humuhubog sa damdamin at isip ng madla." Gamit ang dalawa o mahigit pang akdang iyong napag-aralan, magkomento sa pahayag na ito.

**Prosa (Hindi Kathang-Isip)**

**5.** *Maaaring ito:*

(a) Seryoso man o mabigat ang usapin ng isang sanaysay, napapagaan ang dating nito sa mambabasa dahil sa kulay, tono at pahiwatig na nalilikha sa pagpili at pagkakaayos ng manunulat ng mga salita at materyal. Gaano katotoo ito sa dalawa o higit pang mga akdang prosang iyong napag-aralan? Talakayin.

*o ito:*

(b) Magsuri ng dalawa o higit pang akda na, para sa iyo, ay kasiya-siyang basahin dahil sa kakaibang estilong ginamit ng mga may-akda para gawing interesante ang paksang tinatalakay.

**Panlahat na mga Tanong**

**6.** *Maaaring ito:*

(a) Sinasabing walang gitna sa mahusay na panitikan. Maaaring umapaw ang mambabasa sa tindi ng emosyon o mabagabag at di mapakali sa karanasang ibinabahagi. Sa anong paraan at hanggang saan ito ipinagtitibay ng dalawa o higit pang akdang iyong napag-aralan?

*o ito:*

(b) Maghambing ng dalawa o higit pang akdang pampanitikan na naglalarawan ng pagtatagpo ng dalawang magkaibang kultura at ang maaaring komplikasyong ibinunga nito. Gaano at paano nalutas ang mga ito?

*o ito:*

(c) Batay sa mga akdang iyong napag-aralan, magkomento sa sumusunod na pahayag: Maaaring walang praktikal na gamit ang panitikan. Ngunit kung iisipin, malaki ang naiaambag nito sa pagpapakatao ng tao. Sa panitikan kasi nababahagian ang tao ng maraming karanasan at nabubuksan ang kanyang isip sa maraming posibilidad.

*o ito:*

(d) Dahil sa partikular na karanasang historikal na dinaanan ng mga Pilipino, tumatagos sa maraming akdang pampanitikan ang tema ng paggigiit ng karapatang pantao. Suriin ang paglalahad ng temang ito sa dalawa o higit pang akdang pampanitikang iyong napag-aralan.

---